ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVI Blg. 16
Agosto 21, 2005
www.philippinerevolution.org

Editoryal

Palakasin ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa gitna ng pagpapatalsik kay Arroyo



Nalulugmok ngayon ang rehimeng Arroyo sa isang krisis na walang kasintindi sa loob ng apat na taong paghahari nito. Dati nang matindi ang krisis na bumabalot sa rehimen dahil sa lubhang anti-mamamayan at antinasyunal na mga patakaran at hakbangin nito. Subalit ibayo pa itong tumindi nang lalo pang mahiwalay ang rehimen sa mamamayan at kamuhian ng publiko bunga ng pagkakasiwalat ng mga iskandalo hinggil sa hweteng at pandaraya ni Arroyo sa eleksyong 2004.

Ang malawakang disgusto sa rehimeng Arroyo ay naisasalin sa ibayong paglakas at pagdami ng mga pwersang anti-Arroyo at pagtindi ng mga bitak sa loob ng naghaharing pangkatin. Lumilitaw ang iba't ibang uri at paraan ng protesta at sumusulong ang malalaki at malalakas na pagkilos sa lansangan para patalsikin si Arroyo. Nakakawing din dito ang maraming kasabay na sektoral na pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika. Malaki-laking bilang ng mga kawani ng gubyerno at mga sundalo at pulis ang hayagang nagpapaabot ng kanilang kumukulong galit sa rehimen at kahandaang mag-atras ng suporta rito. Ang lahat ng ito ay tumutungo sa pagbu-

Mga tampok sa isyung ito...

Nilalapastangan ang usapang pangkapayapaan PAHINA 4

International People's Tribunal PAHINA 7

Gutom sa Africa PAHINA 9